

Iran at Estados Unidos magkaiba ang kondisyon ng kapayapaan

TORONTO — Maaaring sinusubukan ni U.S. President Donald Trump na maglatag ng mas direktang landas tungo sa isang kasunduan sa kapayapaan sa Iran.

Ngunit ang dalawang panig ay may mga pundamental na pagkakaiba pa rin.

ANO ANG MAGAGABAP

Nagkaroon ng isyu ang Estados Unidos sa ilang parte ng 10-point plan ng Iran, habang ang Iran ganito rin ang saloobin sa 15-point plan ng Estados Unidos.

Ang iba pang maliwanag na pagkakaiba ay kung kasama ang pag-atake ng Israel sa Lebanon sa tigil-putukan — ang Iran sinarado muli ang Strait of Hormuz kamakailan lang, binanggit ito bilang rason — at kung ang Iran ay may karapatan na maningil para sa ligtas na pagdaan sa strait.



ANO PA

Hindi rin sila nagkakasundo tungkol sa kung ang Iran ay maaaring patuloy na i-enrich ang uranium, at ano ang gagawin sa 440 kilo ng highly enriched uranium na sinasabi ng International Atomic Energy Agency ay

mayroon ang bansa.

Sinabi ni U.S. Vice-President JD Vance na ang Iran ay maaaring makakuha ng sanctions relief sa pamamagitan ng mga negosasyon na iyon, isang bagay na hiniling ng Tehran.

Samantala, ang ligtas na pag-

daan ng mga barko sa Strait of Hormuz ay nananatiling isang isyu.

Nais ng Iran na i-co-ordinate ito ng kanilang militar; iminungkahi rin ng bansa ang \$2 milyon US na fee kada barko. **RCI**

Hindi nakalusot sa Strait of Hormuz: 130 barko ng 'Pinas stranded

Tinatayang 130 container vessel ng Pilipinas ang stranded sa Strait of Hormuz dahil sa tensiyon sa Gitnang Silangan.

Isiniwalat ito ni Association of International Shipping Lines (AISL) President Patrick Ronas sa hearing ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform nitong Miyerkoles, Abril 8.

"Currently, there are about 130 container vessels that are actually trapped inside the strait. There have been a few ships that have been able to get out, but so far, there are hundreds of container vessels that are still inside the Strait of Hormuz," paglalahad ni Ronas.

Aniya, karaniwang ibinababa ang export ng Pilipinas sa halos lahat ng pantalan sa Strait of

Hormuz pero dahil sa peligro ng giyera, dinidiskarga na lamang ito sa strait ng Khor Fakkan sa United Arab Emirates.

"Once containers are dropped to the area, they will now have to be trucked to the destinations all over the Middle East," paliwanag pa ni Ronas.

"Basically, not only [is] fuel causing a lot of challenges for shipping lines or international shipping lines, but because of the vessels being trapped in the strait, a diversion of services is being done, reassessment of the network is also being done, as well as containers [are] being offloaded to other ports," dugtong pa nito.

Dahil sa problema sa Strait of Hormuz, sinabi ni Ronas na ang



mga barkong patungong Europe ay napipilitang dumaan sa Cape of Good Hope.

Gayunman, ang rutang ito ay

mas mahaba at dagdag ng 10 hanggang 14 araw bago makarating sa destinasyon sa Europe. Ulat ng **ABANTE NEWS**

GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™**
at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government**
to file and administer programs that can
relieve your serious debt problem and
give you a **'fresh start'**

- ▶ **Get Out of Debt**
- ▶ **Stop Collection Calls**
- ▶ **Stop Interest Charges**
- ▶ **One Low Monthly Payment**
- ▶ **Without Bankruptcy**
- ▶ **Without Loans**



Cori Naron,
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

For Your Free Consultation
Call (416) 498-9200 ext. 236

 **DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ■ TORONTO ■ PICKERING / AJAX ■ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ■ BRAMPTON

Pangangailangan ng mga Pilipino nurse sa Canada

TORONTO, ONT. CANADA — Sa loob ng recruitment pipeline na nagdadala ng mga nars mula sa Pilipinas patungong Canada.

Ang Canada ay may kakulangan sa mga nars. Ang mga probinsya ay bumabaling sa Pilipinas para punan ang mga bakanteng posisyon. Pinasok ng CBC News ang proseso ng pagrerekut na pinaigting ang pagiging dependent ng Canada sa Pilipinas mula pa noong 1960s.

Si DMary Joy Dizon ang isa sa libo-libong (bagong window) Pilipino na nars na kinokonsidera ang pag-alis sa Pilipinas para sa ibang bansa tulad ng Canada. Sinabi ng mga nars na nakausap ng CBC News noong Hunyo na ang kanilang mababang sweldo, kondisyon sa trabaho, at limitadong pag-unlad sa karera ay pinwersa silang isipin na iwan ang pamilya para sa mas magandang oportunidad.

Habang ang mga pulitiko sa Canada aynagsasalita tungkol sa tagumpay (bagong window) ng kanilang recruitment efforts sa Pilipinas, kaunting detalye lamang ang isinapubliko sa paraan ng pagre-recruit ng mga nars sa ibang bansa. Nanatili ang CBC News ng ilang linggo sa Pilipinas noong Hunyo 2025 upang matuto nang higit pa tungkol sa mga taong sangkot sa pagre-recruit ng mga Pilipinong nars para sa Canada, paano nila ito ginagawa at para maunawaan kung bakit napipilitan ang mga nars na umalis. Sa nakalipas na taon, ang gobyerno ng Saskatchewan (bagong window), New Brunswick (bagong window) at Manitoba (bagong window) at mga lider ng kalusugan ay nagpunta sa Pilipinas para mag-recruit ng mga nars.



Ang mga nars tsinek ang isang pasyente sa Dr. Jose Fabella Memorial Hospital sa Maynila, Hunyo 16, 2025

Ang misyon na ito ay importanteng hakbang para i-highlight ang lahat ng aming maiaalok, para akitin ang bagong talento at magdagdag ng kapasidad, at mag-ambag sa aming health-care workforce sa hinaharap, ani Manitoba Premier Heather Stefanson sa isang pahayag sa media (bagong window) bago ang recruitment trip noong huling taglamig **RCI**

APPLY TODAY - WORK TOMORROW!



EXTRA PERSONNEL

Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter

Alvin Rota
416-740-3959

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS



We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

Pacquiao-Mayweather 2 exhibition lang

MANILA, Philippines — Isang exhibition lamang ang rematch nina eight-division world champion Manny Pacquiao at undefeated American fighter Floyd Mayweather Jr. sa Setyembre 19.

Ito ang mismong inihayag ni Mayweather kahapon sa isang video na inilabas ng Vegas Sports Today.

Nauna nang inihayag na sa Sphere sa Las Vegas, Nevada ito gaganapin.

Ngunit sinabi ni Mayweather na wala pa itong alam kung saan eksaktong venue idaraos ang rematch.

“As of right now, we don’t know exactly where the fight is going to be at. The Sphere is one of the places that they’ve talked about, so we don’t know if it’s 100% going to be there,” ani Mayweather.

Kung exhibition lamang ang laban nina Pacquiao at Mayweather, hindi ito magiging official count sa rekord ng dalawa.


Kaya naman kung matatalo ni Pacquiao si Mayweather sa kanilang rematch, hindi mababahiran ang rekord ng American fighter na kasalukuyang may 50-0 marka.

Maliban sa Pacquiao rematch, meron ding nakalinyang exhibition matches si Mayweather.

Una na ang exhibition nito kay dating heavyweight champion Mike Tyson sa Abril at ang isa pa laban kay kickboxer Mike Zambidis na gaganapin naman sa Greece.

“If I’m just sitting at home and I’m working out every day and spending time with my grandson and spending time with my children, I said why not go out and have little fun and entertain the public with some exhibitions?” ani Mayweather.

Ito ang unang paghaharap nina Pacquiao at Mayweather matapos ang mahigit isang dekada.



"The Travel Partner You Can Trust!" **tico.ca**

Polaris Travel & Tours

**Contact us for LOW AIRFARES
to the Phillipines**

T. 416.224.9919 • 1.800.680.3849

Conveniently Located in Centerpoint Mall

6322 Yonge Street, Unit 124, Toronto, Ontario M2M 3X4
Main Intersection: Yonge & Steeles

DATOL ORDER



Ulat ni Mon Datol

TRO ni VP Sara ekis sa SC; Kamara tuloy hearing ng impeachment ni BP Duterte; 'Mary Grace Piattos', ITR ni Sara sinubpoena na ng Kamara; Chiz Escudero, Martin Romualdez kakasuhan na ng plunder; Libreng legal aid ng IBP sa senior citizens; PBBM magbibigay ng P200k sa bawat barangay sa bansa; US at Iran aprubado 2-week tigil-putukan

Nabigo si VP Sara Duterte na makakuha ng Temporary Restraining Order (TRO) sa Supreme Court para pigilan ang House Committee on Justice ng Kamara sa impeachment hearing laban sa kanya na uumpisahan Abril 14 at posibleng matatapos sa Mayo ang pandinig sa 'kaso ng Bise Presidente sa Kamara. So, ngayon ay...

Alam na ni VP Duterte na hindi 'Sara's Court' ang SC.

Bagama't hindi pa pinagbibigyan ang mga petition na inihain nina Atty. Israelito P. Torreon at iba pa, ngayundin ni VP Sara laban sa komite at sa Kamara de Representantes, inatasan ng SC nitong Abril 8 ang mga respondent na mag-

sumite ng kanilang komento sa loob lang ng 10 araw mula sa pagtanggap ng abiso. At dahil dito ay...

Ipinatuloy ni Speaker Bojie Dy 'kaso ni Sara sa Kongreso.'

At dahil tuloy na 'hearing', ipinakuha ng House Committee on Justice ang mga dokumento na isinumite ni VP Sara upang patunayan ang pagbabayad ng confidential fund kay "Mary Grace Piattos" at iba pang kuwestyunable umang personalidad, kaya't malapit ng...

Magka-alaman kung 'tao o' meryenda ang Piattos.'

Bukod sa 'documentary evidence' ng pagbabayad

kay "Piattos", kasama sa ipinakuha na rin ng komite ang ebidensiya ng pagbabayad kina "Milky Secuya", "Kokoy Villamin" at "Irene Tan", kasama rin mga 'resibo' ng ibinayad kina...

'Marian Rivera at Chel Diokno' na milyones din tinanggap

Ipinakuha rin ng komite ang kopya ng mga tseke at voucher para sa mga transaksyon mula Disyembre 2022 hanggang Hulyo 2023 gayundin ang mga liquidation report at sworn certification ng mga accountable officer para sa confidential funds, na ayon sa rekord ay umabot sa ...

P612.5 milyon 'confidential fund' nagastos ni VP Duterte

At kabilang nga rito ang P125-Milyon na naubos sa loob lamang ng 11 araw noong Disyembre 2022 na hanggang sa kasalukuyan ay hindi maipaliwanag ni VP Sara kung papaano at kung...

Sino-sino 'naghati' sa milyong pera ni Juan. Nagngdragon!.

Kinumpirma ni Ombudsman Boying Remulla na nakahanda na ang kasong 'plunder' laban kina Leyte Rep. Martin Romualdez at Sen. Chiz Escudero kaugnay ng umano'y anomalya sa pambansang budget at flood control projects at posibleng ihain ang kaso sa buwan ng Mayo.

Agad-agad na, bakit hihintayin pa Mayo, Sir Boying?!?!'

Hindi lang umano sina Romualdez at Escudero, isama na natin sina Villanueva at Jinggoy, ang maaaring masampahan ng kaso. Posible ring madamay ang ibang pang politiko, mambabatas at ilang opisyal ng ehekutibo. Ayon yon ke Omb. Boying Remulla na...

Bising-bisi sa pagbusisi sa ebidensiya kontra malaking isda.

Ang dami nga pa lang nagtatanong sakín kung bakit hanggang ngayon ay wala pa yatang kahit anong balita hinggil kay Sen. Joel Villanueva na isinangkot umano ni Bulacan DPWH 1st District Engineering Office Asst. Engr. Brice Hernandez sa kasong 'flood control scam kickbacks' at tumipak ng milyon-milyong kickbacks. .

Di ko laam. 'Nagdarasal' pa ako, eh. Y nga ba Ka Boying?

Pumirma sa isang memorandum of agreement (MOA) sina Senior Citizen's Partylist Cong. Rodolfo "Ompong" Ordanes at IBP National President Allan Panalong, para sa pagbibigay ng libreng legal assistance sa lahat ng senior citizens sa bansa.

Ayos, Cong. Ompong. Mabuhay ka!

Nakasaad sa kasunduan na libreng magbibigay ng payong-legal ang mga abogado ng IBP sa buong bansa sa lahat ng senior citizens 60-yrs-old pataas, samantalang ang nabang-

git na party-list naman ay tutulong sa pag-aasikaso para sa case referrals. .

Daming mahirap na seniors 'need legal help' talaga, Cong.

Ibinalita ni Pangulong Bongbong Marcos kahapon, Abril 7, ang paglulunsad ng programang "Bawat Barangay Makinabang Program" na magbibigay ng P200,000 sa bawat barangay - P100,000 maaaring gamitin para sa educational assistance, at P100,000 naman para sa piling capital outlay projects para sa ikauunlad ng bawat barangay.

Laking tulong ni PBBM sa lahat ng barangay sa buong bansa

Bukod sa pera, magbibigay pa rin ang programa ni PBBM ng mga suplay na magagamit sa paglilingkod sa mga barangay sa buong bansa gaya ng patrol vehicle, printer, computer, at solar street lamp.

Mga Kap, pambarangay po pera ni Juan di pam-bulsa.

"Kaugnay ito ng programang road to zero illiteracy, one barangay at a time. At ang ating layunin na maihatid ang serbisyo ng pamahalaan sa lahat ng sulok ng bansa," dagdag pa ni PBBM..

Sino me sabing walang programa at ginagawa si PBBM?

Pumayag si US President Donald Trump sa 2-week tigil-putukan sa Iran 2-oras bago ang deadline sa Tehran na buksan muli ang Strait of Hormuz "or face devastating attacks on its civilian infrastructure".

Buti at um-ok US at Iran sa tigil-putukan, kungdi ay baka magkaruon ng WWW3.

SHORT ORDER:
Happiest birthday (April 5) to our gorgeous niece Kayleigh Rae D. Tucker, youngest of 2 wonderful children of my younger sis

Mila Datol-Tucker & Bayaw Martin Tucker of Staffordshire, England ...HBD (April 7) to colleague Dennis Principe of Manila..Hapi Beerday (April 11) brad Wendell Rupert Alinea, vet-fotog-son of colleague Eddie Alinea (RIP) & longtime fotog of Lodi Manny Pacquiao...Happy birthday (April 14) to Cassandra Portugal of Manila & Dr. Kiko Portugal (RIP) Fam of Toronto..Happy birthday (April 17) to former actress Nancy delos Satos of San Leonardo, NE & Toronto ... **God Bless.**



Bigo si Vice President Sara Duterte na kaagad na makakuha ng temporary restraining order (TRO) mula sa Korte Suprema na pipigil sana sa pagdaraos ng isang public impeachment hearing laban sa kanya sa House of Representatives.

VP Sara tinabla ng SC sa TRO

SC, 'di naglabas ng TRO para pigilan ang impeachment hearing vs VP Sara Duterte sa Kamara



Hindi naglabas ng temporary restraining order (TRO) ang Korte Suprema (SC) para awatin ang Kamara de Representante sa pagtalakay sa impeachment complaints laban kay Bise Presidente Sara Duterte. Gayunman, inatasan ng mga mahistrado ang kapulungan at ang House justice committee na magkomento kaugnay sa petisyon na humiling na ipatigil ang naturang proseso laban sa pangalawang pangulo.

Sa isang pahayag nitong Miyerkoles, sinabi ng SC na pinagsama-sama ang mga petisyong inihain ni VP Duterte at ng ilan pang mga abogado na kumukwestiyon sa impeachment proceeding.

"The SC consolidated these cases and, without necessarily giving due course to the petitions, directed respondents to comment within a non-extendible period of 10 days from receipt of notice," saad pahayag.

Sara Duterte impeachment complaint

Idinagdag ni SC spokesperson Atty. Camille Ting, walang TRO na inilabas ang mga mahistrado para ipatigil ang ginawang pagdinig sa Kamara tungkol sa impeachment complaint laban kay Duterte.

Iginalugod naman ni Speaker Faustino "Bojie" Dy III ang naturang desisyon ng SC na hindi maglabas ng TRO.

"The House of Representatives welcomes the Supreme Court's non-issuance of a temporary restraining order. We have the highest respect for the Court and its processes, and we defer to its authority on matters properly brought before it," saad ni Dy sa pahayag.

"In the absence of any legal restraint, the House of Representatives will continue to discharge its constitutional mandate," dagdag niya.

Noong Marso 27, hiniling ng mga abogadong sina Israelito Torreon, Vic Rodriguez, Rescie Angelli Rizada-Nolasco, Martin Delgra III, Wendel Avisado, James Patrick Bondoc, Raul Lambino, Luna Maria Acosta-Manlitoc, Jesus Hinlo Jr., at Dr. Richard Mata, sa SC na maglabas ng TRO laban sa impeachment proceedings.

Naghain naman si Duterte ng hiwalay na petisyon noong Marso 30.

Sa kaniyang petisyon para sa certiorari, iginiit ni Duterte na labag sa Konstitusyon ang mga pagdinig ng House justice panel, at wala itong kapangyarihang magsagawa ng paglilitis.

"It is evident that the proceedings before the respondent committee are, in truth and substance, a trial in disguise. Its members' use of various nomenclatures such as

a 'mini-trial,' a 'hearing proper,' or a 'process akin to a preliminary investigation' does not change its true nature," ayon sa petisyon.

Iginiit din ng bise presidente na wala umanong due process at patas na pagtrato, at binanggit na ang procedural due process ay nangangailangan ng higit pa sa simpleng abiso na magpatawag, at sa halip ay "genuine and meaningful opportunity to be heard."

Sa isa pang pahayag, iginiit din ng kampo ni Duterte na hindi layunin ng petisyon na iwasan ang proseso kundi para humingi ng linaw sa mga usaping konstitusyonal.

Samantala, sinabi ni Bicol Saro Rep. Terry Ridon, miyembro ng House justice panel, na nakabatay ang petisyon ni Duterte "on a misrepresentation of facts and a distorted interpretation of the Constitution and prevailing jurisprudence."

— **GMA News**

Madriaga, pinayagan ng korte na humarap sa Sara impeachment



PILIPINAS— Pinahintulutan na ng Manila Regional Trial Court (RTC) si Ramil Madriaga na dumalo sa impeachment hearing na isinasagawa ng Kamara laban kay Vice Pres. Sara Duterte.

Si Madriaga ang self-confessed bagman ni Duterte na kasalukuyang nakapiit sa isang BJMP facility sa Camp Bagong Diwa, Taguig City dahil sa kasong kidnapping.

Sa kautusang may petsang Abril 7, Martes, ngunit inilabas lamang ng hukuman nitong Miyerkules, Abril 8, pinayagan ni Manila RTC Branch 21 Presiding Judge Alma Crispina Collado-Lacorte si Madriaga na dumalo sa pagdinig sa Abril 14, 2026 mula 8am hanggang 5pm.

“Acting on the letter dated March 31, 2026 by Hon. Atty. Gerville ‘Jinky Bitrics’ R. Luis-tro, Chairperson, Committee

on Justice and Hon. Faustino ‘Bojie’ G. Dy III, Speaker of the House of Representatives, requesting the Court to allow PDL Ramil Lagunoy Madriaga to appear before the Committee on Justice in relation to the hearing on determination of probable cause In the Matter of the Verified Complaints for Impeachment Against Vice President Sara Duterte, the same is granted,” bahagi ng court order.

Una nang ibinunyag ni Madriaga na umano’y may mga drug dealers at Philippine Offshore Gaming Operators (POGOs) na nagpopondo sa Inday Sara Duterte is My President (ISIP) Pilipinas campaign.

Ang naturang akusasyon ay mariin naman nang pinabulaan ni VP Sara at sinabing hindi niya kailanman naging aide o bagman si Madriaga.

Ulat ng Pilipino Star

Rent-a-car na tinangay at chinop-chop, nahanap gamit ang GPS; 4 arestado



Naka-chop-chop na nang matagpuan sa talyer ang isang rent-a-car matapos itong tangayin mula sa may-ari kamakailan. Ang kotse, nahanap gamit ang GPS habang apat na kawatan ang arestado.

“Kinuha ko po siya sir para [makatulong] din sa daily expenses naming pamilya,” sabi ng may-ari sa ulat ni Ivan Mayrina sa 24 Oras nang Weekend.

Nag-loan ang may-ari para mabili ang sasakyan nilang pampamilya, na ginagamit niya ring pang-rent-a-car kung minsan.

Sa pang-apat na beses na naarkila ang kotse ang huling pagkakataon na inarkila ito matapos itong tangayin at i-chop-chop ng mga kawatan.

Sinabi ng biktima na overnight na arkila ang usapan sa kanilang kotse, na kukunin gabi at ibabalik kinabukasan ng isang babaeng nanghihiram.

Ikalawang beses na umanong nagrenta ng babaeng kausap niya. Walang naging problema sa unang hiram ito kaya madali siyang nagtiwala.

“Sabi niya, i-rent niya lang daw papuntang Bulacan. Kasi magholy week doon ‘yung pamilya niya,” sabi ng may-ari.

Pagsapit ng bandang 10 a.m., hindi na umano sumasagot ang nag-arkila at naka-block na siya sa chat.

Nagsimula nang magduda ang may-ari. Sa kabutihang palad, nagkabit siya ng tatlong GPS device sa kotse.

“Yung dalawa, sir, nagtataka na ako kung bakit hindi na siya pumapalo nang maayos. Hindi ko na siya gaanong nalo-locate nang maayos. ‘Yun pala, natanggal na. Hanggang sa may natira lang na isa, sir, na siguro ‘di pa nila nakikita. Pumalo ‘yun,” anang may-ari.

Dito na niya nakitang wala sa Bulacan ang kotse gaya ng napag-usapan, hanggang sa natunton ito sa Barangay Doña Imelda, Quezon City.

Timbog ang apat na lalaki.

“Hindi po namin alam naman na rent-a-car. Nahila lang po kami para tumulong magkalas,” sabi ng isa sa mga suspek.

“Nag-tricycle po ako. Bale, nautusan lang po akong mag-deliver ng mga piyesa,” sabi ng isa pang suspek.

“May pinakitang papel ‘yung amo nila, katibayan na sa kaniya ‘yung sasakyan. Kaya naniniwala kami na hindi ‘yun ninakaw,” sabi ng isa pang suspek.

Magsampa ang pulisya ng reklamang carnapping laban sa nag-arkila at sa mastermind ng grupong nasa likod ng rentangay chop-chop modus.

Tinutugis na sila ng mga awtoridad.

“So, yes, we’re thinking of ‘yung conspiracy nila na aarkila tapos hindi na ibabalik ‘yung sasakyan. Diretso na sa chop-chopan,” sabi ni Police Lieutenant Colonel Virgilio Jopia, Commander ng QCPD Station 11. —GMA News



VR Stones & Quartz Inc.

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products.

VR Stones & Quartz Inc. is a family-owned and operated business with almost 10 years of experience fabricating and installing Quartz, Granite, Marble, and other stone products. We carry our own Quartz materials which we import overseas with a simple goal of making everyone's dream a reality by having your beautiful kitchen countertop in a reasonable/affordable price but on a stunning and timeless look.

We also source from all major slab suppliers such as MSI Stone, Caesarstone, Hanstone, Silestone, TCE Stone, Kstone Quartz, Lucent Quartz, Highland Stone & Quartz, Vicostone and more. Whether you're eyeing for Quartz or Granite etc., we are able to get and fabricate it to your specifications.

At VR Stones & Quartz Inc., we personally involved in every project from the beginning stages of planning to final installation, ensuring the results you see at completion are exactly what you envisioned. We take a hands-on, individual approach to work with each of our clients, focus on the quality, superior service and client satisfaction.



Cabinet & Countertop Store

With our expertise, we have top notch ideas to help you design your dream kitchen by considering the room's size, lighting level, intended use, and desired colors. Our experts can let you know what materials, manufacturers, and designs will work best for your project. Since we

know how frustrated planning a renovation in designing your kitchen or other areas of your house that requires a countertop, VR Stones & Quartz Inc. also offer all kinds of services available from demolition, plumbing, tiling, disposal etc. to ensure that you are 100% satisfied and

stress free with the outcome of your project.

Our clients include both residential and commercial customers, as well as builders and designers. For all your countertop needs, please feel free to call us and experience what all our satisfied clients have experienced from us!



VR STONES & QUARTZ INC., YOUR COUNTERTOP EXPERT!!!!

For More Information CALL: 647-877-6133

Talento ni Tyra Cabrera... nagmana kay RollyCab



Tyra Artist



*Tyra Matheson Cabrera
16 years old*



Pagkain tatamaan ng krisis sa langis - solon



Department of Agriculture Assistant Secretary Genevieve Velicaria-Guevarra and other officials hold a special joint price and supply monitoring of commodities, as they visit stalls selling meat and vegetables inside the Commonwealth Market in Quezon City on March 2, 2026.

PILIPINAS — Nagbabala si Tingog Partylist Rep. Jude Acidre na posibleng humantong sa krisis sa pagkain kung hindi mabilis na matutugunan ng pamahalaan ang kasalukuyang krisis sa fuel na dinaranas ng Pilipinas maging ng iba pang mga bansa sa buong mundo.

Ginawa ni Acidre ang babala sa gitna na rin ng nagbabadya pang panibagong round ng pagsirit ng presyo ng langis sa mga linggong ito.

“The ongoing fuel crisis is not just a transportation and energy problem. It is a food security issue that directly affects our farmers and fishermen—the very people who sustain our nation,” punto ni Acidre dahil mismong ang mga mangingisda at magsasaka ay dumaraing na rin sa mataas na gastusin sa fuel products.

“We must be clear: if we do not act decisively, this fuel crisis can become a food crisis,” ayon kay Acidre dahil ang mga nagpro-prodyus aniya ng pagkain ay tinatamaan

din ng matinding krisis at nahihirapang magpatuloy pa sa kanilang operasyon.

Sinabi ni Acidre na kapag bumagal ang produksiyon ay magbubunga ito ng kakulangan sa supply, mataas na presyo ng pagkain at lolob rin ang bilang ng mga bulnerableng pamilyang Pilipino na apektado ng krisis.

Binigyang diin ng solon na upang mapigilan ang nasabing scenario ay kailangan ang agarang pagkilos sa implementasyon ng komprehensibong Food Resilience Plan upang protektahan ang lokal na produksiyon ng pagkain at tiyakin ang matatag na supply at presyo nito na maibalanse.

Ang paunang hakbang ay magkaloob ng ayuda sa fuel sa mga magsasaka at mangingisda upang makatulong na mapababa ang gastusin sa produksyon sa kanilang operasyon.

- Ulat Pilipino Star

Paano hinaharap ng mga pari ang mga tukso sa modernong panahon?



Para kay Brillantes, ang pinakamabisang paraan upang labanan ang tukso ay ang pagninilay sa Ebanghelyo, na nagsisilbing inspirasyon niya sa kaniyang mga sermon.

“Contemplating on the Gospel, because everyday I say the Mass. Even in the evening after prayers, I would just contemplate on the Gospel. So, I usually would prepare for my homilies. So, you, the best way to do that is to contemplate on the Gospel. All the more you search for spirituality, how you live the Gospel, and then you discover the joy of the Gospel. And your homily is just a product of your prayer,” paliwanag niya.

Sabi pa ni Fr. Brillantes, ang Kuwaresma ay paggunita sa 40 araw na pananatili ni Hesus sa

ilang, kung saan hinarap Niya ang mga tukso.

“So, He’s also a true man. So, He embraced all humanity. He’s true God and became a true man. He experienced everything, including temptation, except na hindi Siya nag-sin. So, ang ma-learn natin sa ating Panginoong HesuKristo is to face temptation and to address the temptation,” saad niya.

Upang labanan ang mga tukso, pinayuhan ni Brillantes ang mga mananampalatayang Katoliko na maglaan ng mas maraming oras sa pagdarasal, paigtingin ang kanilang pagtitiwala, pag-asa, at pag-asa sa Diyos. At isabuhay ang mga gawain sa kuwaresma tulad ng pag-aayuno, pagtulong, at pagpapakita ng habag.

- GMA News

KAALAMAN

"I believe a knowledge of the Bible without a college course is more valuable than a college course without a Bible."

- William Lyon Phelps (famous educator in USA)

Tinipong ULat ni RollyCab talibalita@rogers.com



MATUTO KAY JESUS

Magkakaroon ng Kapayapaan sa Buong Mundo

Gusto ng lahat ng tao na mabuhay sa isang mundong payapa. Noon pa man, sinisikap na ng mga tagapamahala sa buong mundo na wakasan ang mga kaguluhan at ibalik ang kapayapaan.

Nagagawa naman nila ito kung minsan. Pero nakalungkot, pansamantala lang ito. Magiging payapa pa kaya ang buong mundo? Oo! Tingnan kung ano ang matututuhan natin kay Jesus.

ni Jesus ang awtoridad niya para maglapat ng tunay na katarungan, wakasan ang lahat ng digmaan, karahasan, at paghihirap.

hala ni Jesus, matututong makipagpayapaan ang lahat ng tao sa halip na makipagdigma.

Para malaman kung paano gagawing payapa ni Jesus ang buong mundo at kung ano ang dapat mong gawin para mabuhay doon, panoorin ang maikling video na **Ano ang Kaharian ng Diyos?**

Ang gagawin ni Jesus

Sinasabi sa Bibliya kung ano ang malapit nang gawin ni Jesus para maging payapa ang buong mundo.

● **"[Si Jesus] ay tatawaging . . . Prinsipe ng Kapayapaan. Ang paglawak ng pamamahala niya at ang kapayapaan ay hindi magwawakas."** (Isaias 9:6,

7) Si Jesus ang Tagapamahala ng Kaharian ng Diyos at magkakaroon ng walang-hanggang kapayapaan sa buong mundo sa ilalim ng pamamahala niya.

● **"Ililigtas niya ang dukha na humihingi ng tulong . . . at ang sinumang walang katulong."** (Awit 72:12-14) Gagamitin

● **"Walang bansa na magtataas ng espada laban sa ibang bansa, at hindi na rin sila mag-aaral ng pakikipagdigma."** (Isaias 2:4) Sa ilalim ng pamama-

Ang itinuro ni Jesus

Kahit sa ngayon, milyon-milyon ang natutulungan ng mga turo ni Jesus na mamuhay nang payapa. Sa kilalang Sermon sa Bundok, nagturo si Jesus ng mga prinsipyong tumutulong sa mga tao na makipagpayapaan.

Tingnan ang ilang halimbawa.

● **"Maligaya ang mga mapagpayapa."** (Mateo 5:9) Hindi lang pinasigla ni Jesus ang mga tagasunod niya na umiwas sa alitan, kundi makipagpayapaan din.

● **"Makipagkasundo ka muna**

sa kaniya, at saka ka bumalik para ialay ang handog mo.” (Mateo 5:23, 24) Pinasigla ni Jesus ang mga tagapakinig niya na ayusin agad ang mga di-pagkakaunawaan. Itinuro niya na kailangan nating makipagpayapaan para magkaroon tayo ng magandang kaugnayan sa Diyos.

● “Huwag na kayong humatol para hindi kayo mahatulan.” (Mateo 7:1) Nagpayo si Jesus na huwag maging mapamuna kasi nagiging dahilan iyon ng di-pagkakaunawaan o alitan. Sa halip na hanapan ng mali ang iba, pinayuhan ni Jesus ang mga tagasunod niya na ‘patuloy na patawarin’ ang

pagkakamali ng kapuwa nila.—Lucas 6:37.

Isinasabuhay ng maraming tao sa buong mundo ang mga turo ni Jesus. Kahit sa mga lugar na lagana ang karahasan o kaguluhan, natututo silang ayusin ang mga alitan nang walang galit, magpa-

tawad, at magpakita ng pag-ibig kahit ginagawan sila ng masama.

Para malaman kung paano nakatulong sa ibang tao ang mga turo ni Jesus, basahin ang artikulong “Kung Paano Magkakaroon ng Kapayapaan Kahit May Digmaan at Kaguluhan.”

“Mamamayani ang Kapayapaan” sa Ilalim ng Kaharian ng Diyos



Dahil sa Kaharian ng Diyos — ang gobyernong itinatag ng Diyos — ang mga tao sa buong mundo ay malapit nang mamuhay nang payapa at nagkakaisa. “Mamamayani

ang kapayapaan,” gaya ng ipinangako sa Awit 72:7. Pero kailan mamamahala sa lupa ang Kaharian ng Diyos? Paano ito mamamahala? At paano ka maki-kinabang sa pamamahala nito?

Timoteo 3:1-4) Dati nang ganito ang ugali ng ilan. Pero sa ngayon, ganito na ang ugali ng karamihan.

Nagsimulang magkatotoo ang mga hulagang ito noong 1914. Sinasabi ng mga istoryador, politiko, at mga manunulat na talagang nagbago ang mundo mula noon. Halimbawa, ganito ang isinulat ni Peter Munch, isang Danish na istoryador: “Ang pagsiklab ng digmaan noong 1914 ay nagdulot ng napakalaking pagbabago sa kasaysayan ng sangkatauhan. Mula sa masayang panahon ng pagsulong, . . . pumasok tayo sa panahon ng kapahamakan, lagim, at pagkakatapusan, at walang kapanatagan saanman.”

Pero di-magtatagal, ang lahat ng ito ay mapapalitan

ng mapayapang kalagayan. Ipinapakita ng mga ito na malapit nang mamahala sa lupa ang Kaharian. Sa katunayan, bilang bahagi ng tanda ng kawakasan, sinabihin ni Jesus: “Ang mabuting balitang ito tungkol sa Kaharian ay ipangangaral sa buong lupa para marinig ng lahat ng bansa, at pagkatapos ay darating ang wakas.”—Mateo 24:14.

Ang mabuting balitang iyan ang pinakatema ng mensahe ng mga Saksi ni Jehova. Sa katunayan, ang kanilang pangunahing babasahin ay tinatawag na Ang Bantayan Naghahayag ng Kaharian ni Jehova. Tinatalakay nito ang magagandang bagay na gagawin ng Kaharian ng Diyos para sa mga tao at sa lupa.

KAILAN DARATING ANG KAHARIAN NG DIYOS

Inihula ng Bibliya ang ilang kapansin-pansing pangyayari na senyales na malapit nang dumating ang Kaharian ng Diyos. Ang mga pangyayaring iyon ay bahagi ng isang “tanda” na binubuo ng mga digmaan, taggutom, sakit, lindol, at paglaganap ng kasamaan.—Mateo 24:3, 7, 12; Lucas 21:11; Apocalipsis 6:2-8.

Sinasabi pa ng isang hula: “Sa mga huling araw,

magiging mapanganib at mahirap ang kalagayan. Dahil ang mga tao ay magiging makasarili, maibigin sa pera, . . . masuwayin sa magulang, walang utang na loob, di-tapat, walang likas na pagmamahal, ayaw makipagkasundo, maninirang-puri, walang pagpipigil sa sarili, mabangis, napopoot sa kabutihan, . . . mapagmalaki, maibigin sa kaluguran sa halip na maibigin sa Diyos.” (2

PAANO MAMAMAHALA ANG KAHARIAN NG DIYOS SA LUPA?

Tingnan ang apat na puntong ito:

Ang Kaharian ay hindi mamamahala sa pamamagitan ng mga politiko sa mundo.

Sa kagustuhang manatili sa kapangyarihan, lalaban ng mga politiko ang pamamahala ng Kaharian ng Diyos.—Awit 2:2-9.

Pupuksain ng Kaharian ng Diyos ang mga kahari-

ang gusto pa ring mamahala sa mga tao. (Daniel 2:44; Apocalipsis 19:17-21) Ang digmaang ito ay tinatawag na Armagedon.—Apocalipsis 16:14, 16.

Lahat ng magpapasakop sa Kaharian ng Diyos ay makaliligtas sa Armagedon at mabubuhay sa mapayapang bagong mundo. Sila ang bubuo sa tinatawag ng Bibliya na “malaking pulutong” na malamang ay aabot nang ilang milyon.—Apocalipsis 7:9, 10, 13, 14.



ANO ANG GAGAWIN NG KAHARIAN?

Noong nasa lupa si Jesus, ipinakita niya ang ilang gagawin niya bilang Hari ng Kaharian ng Diyos. Nagpagaling siya ng mga maysakit at may kapansanan. (Mateo 4:23) Nagpakain siya ng libo-libo. (Marcos 6:35-44) Ipinakita pa nga niya na kaya niyang kontrolin ang kalikasan at ang lagay ng panahon.—Marcos 4:37-41.

Higit sa lahat, tinuruan ni Jesus ang mga tao na mamuhay nang

payapa at nagkakaisa. Ang lahat ng mapagpakumbabang susunod sa kaniyang mga turo ay magkakaroon ng mga katangiang tutulong sa kanila na mabuhay nang maligaya magpakailanman sa ilalim ng kaniyang Kaharian. Hindi iyan kayang gawin ng kahit sinong guro. Makikita ang ilang turo ni Jesus sa tinatawag na Sermon sa Bundok, na mababasa sa Mateo kabanata 5-7. Subukan mong basahin iyon. Simple lang ang mga pananalita doon pero punong-puno ng karunungan. Talagang tatagos ang mga ito sa puso mo.

PAANO KA MAKIKINABANG SA PAMAMAHALA NG KAHARIAN?

Para maging sakop ng Kaharian ng Diyos, kailangan muna tayong maturuan. Sa panalangin, sinabi ni Jesus sa

Diyos: “Para magkaroon sila ng buhay na walang hanggan, kailangan nilang makilala ka, ang tanging tunay na Diyos, at

ang isinugo mo, si Jesu-Kristo.”—Juan 17:3.

Nakikinabang ang mga tao habang nakikilala nila ang Diyos na Jehova. Pansinin ang dalawang paraan: Una, nagkakaroon sila ng matibay na pananampalataya sa kaniya. Dahil sa pananampalatayang iyon, na may matibay na saligan, kumbinsido sila na totoo ang Kaharian ng Diyos at na malapit na itong mamahala. (Hebreo 11:1) Ikalawa, lumalalim ang pag-ibig nila para sa Diyos at sa kapuwa. Dahil mahal nila ang Diyos, kusang-loob silang sumusunod sa kaniya. At dahil mahal nila ang kanilang kapuwa, sinusunod nila ang sinabi ni Jesus, na madalas

tawaging Gintong Aral. Sinasabi nito: “Kung ano ang gusto ninyong gawin ng mga tao sa inyo, iyon din ang gawin ninyo sa kanila.”—Lucas 6:31.

Ang ating Maylikha ay gaya ng isang maibiging ama, at gusto niya ang pinakamabuti para sa atin. Gusto niyang maranasan natin ang tinatawag ng Bibliya na “tunay na buhay.” (1 Timoteo 6:19) Hindi “tunay na buhay” ang buhay natin ngayon. Milyon-milyon ang naghihirap at nagsisikap lang na makaraos. Bilang sulyap sa ipinangakong “tunay na buhay,” tingnan ang ilang magagandang bagay na gagawin ng Kaharian ng Diyos para sa mga sakop nito.

TANAWIN SA BAGONG LUPA ANG BAGONG KAAYUSAN

ISANG SULYAP SA TUNAY NA BUHAY

“Sa panahon [ng pamamahala ni Kristo bilang Hari], mamumukadkad ang matuwid, at mamamayani ang kapayapaan . . . Magkakaroon siya ng mga sakop . . . hanggang sa mga dulo ng lupa.”—Awit 72:7, 8, 13, 14.

“Pinatitigil [ng Diyos] ang mga digmaan sa buong lupa. Binabali niya ang pana at dinudurog ang sibat.”—Awit 46:9.

“Magkakaroon ng saganang butil sa lupa; mag-uumapaw ito sa tuktok ng mga bundok.”—Awit 72:16.

“Magtatayo sila ng mga bahay at titira sa mga iyon, at magtatanim sila ng ubas at kakainin ang bunga nito. Hindi sila magtatayo pero iba ang titira, at hindi sila magtatanim pero iba ang kakain. . . . Lubusan silang masisiyahan sa mga gawa ng kanilang mga kamay.”—Isaias 65:21, 22.

“Ang tolda ng Diyos ay nasa sangkatauhan . . . Papahirin niya ang bawat luha sa mga mata nila, at mawawala na ang kamatayan, pati ang pagdadalamhati at ang pag-iyak at ang kirot.”—Apocalipsis 21:3, 4.



TANDAAN

DAHIL SA MGA TURO NI JESUS, NATUTULUNGAN ANG MGA TAO NA GAWIN ANG TAMA. LAHAT NG SUMUSUNOD DITO AY MAGKAKAISA AT MAGIGING MAPAYAPANG MGA SAKOP NG KANIYANG GOBYERNO



Alam mo ba?

Hindi nakikisali ang mga Saksi ni Jehova sa politika, pero ipinagpapasalamat at nirerespeto namin ang mga ginagawang gobyerno. (Roma 13:1; 1 Timoteo 2:1, 2) Para sa iba pang impormasyon, bisitahin ang **www.JW.org** Basahin ang **"Bakit Neutral sa Politika ang mga Saksi ni Jehova?"**

KAGANDAHAN NG KALIKASAN

TalibaFlipzMedia Photography Services

Professional Product Photography – Food, Jewelry or just pictures of your store.

We can take pictures of your product for printed catalogs or for online store.

Each photo will be in pure white background and edited in photoshop.

- 100+ photos \$20 per photo (with free Taliba 1/4B&W Ads one time issue)
- 50-90 photos \$25 per photo
- 20-49 photos \$30 per photo
- 10-19 photos \$35 per photo
- 5-9 photos \$40 per photo
- 2-4 photos \$45 per photo

Photo Specifications

- High resolution jpeg image
- Photo editing to remove dust and minor defects
- Royalty-free unlimited use license



For inquiry, call Tel. 416-989-7336 / 647-287-1870 ★ Email: advertise@flipzmedia.com

P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2

TALIBA/Flipz Media

(Magazine & Social Media Services)

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."

ABOUT: While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

SERVICES: Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

VISIT www.talibaflipzmedia.com or CALL ROLLY : 647-287-1870